



Magalak ka Kapanalig!



(Pambungad na Panalangin)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Is 66:10-14)

¹⁰**MAGALAK** ang lahat, **magalak** kayo dahil sa Jerusalem, ang lahat sa inyo na may pagmamahal, wagas ang pagtingin; kayo’y **makigalak** at **makipagsaya**, lahat kayong tumangis para sa kanya. ¹¹Tatamasahin ninyo ang kasaganaan niya tulad ng sanggol sa dibdib ng kanyang ina. ¹²Sabi pa ng Panginoon:

“Padadalhan kita ng walang katapusang pag-unlad. Ang kayamanan ng ibang bansa ay dadaloy sa iyong tila agos ng ilog. Ang makakatulad mo’y sanggol na buong pagmamahal na inaaruga ng kanyang ina.

¹³**Aaliwin** kita sa Jerusalem, tulad ng **pag-aliw** ng ina sa kanyang anak. ¹⁴**Ikaw’y magagalak** pag nakita mo ang lahat ng ito, ikaw ay lalakas at lulusog, sa gayon, malalaman mong akong Panginoon ang kumakalinga sa mga

tumatalima sa akin.”

Tema: **Tunay na Kaligayahan!**

PAGPAPALIWANAG

- Hinihimok (hinihikayat) ng panimulang talata ang mga tao upang magalak sa lungsod ng Jerusalem.
- Inilalarawan rin ng Pagbasa ang mga dahilan upang maging masaya gamit ang istilo ng paghahambing at paghahalintulad.
- Itinuturing na isang banal na lugar ang bayan ng Jerusalem dahil dito nakatayo ang Templo ng Diyos (presensya, *shekinah*, tirahan).
- Ang Jerusalem ang dahilan ng kasiyahan kahalintulad na naging dahilan din ito ng hapis ng mawasak ito ng mga taga-Babilonia (*Babylonians*).
- Maging masaya ka! Ang malugod na pag-aanyaya sa atin ng talata 10.
- Gayundin inilalarawan ng b. 10 ang karapat-dapat na maging magalak ay ang mga nagmamahal sa lungsod ng Jerusalem. Ang mga Hudyo ay may

natatanging pagmamahal sa bayang ito sa ibabaw ng bundok.

- Ang b. 11 ay maihalalintulad natin sa imahen ng isang sanggol sa dibdib ng kanyang ina (*breastfeeding* = healthy baby).
- Sa kabila ng kahirapang dulot ng mananakop ng mga Hudyo ay binibigyan sila ng magandang dahilan ni Isaias upang maging maligaya.
- Kagaya ng isang ilog na malakas at mayamang umaagos = ay ang mayaman at walang katapusang tubig na umaagos mula dito na nagbibigay buhay.
- Kagaya ng isang sanggol na buong pagmamahal na inaaruga at inaalih ng kanyang ina = ay nagdudulot ng pakiramdam na kasiyahan, walang panganib, at pagkamalaruin (*playfulness*).
- Ang Diyos ay parang isang nanay, isang babaeng likas ang katangiang bilang ina at nagmamahal sa isang balisa ‘t sugatang anak. Samakatuwid ang kahulugan ng tekstong ito na hango sa b. 13, ay naglalarawan ng isang relasyon sa pagitan ng isang ina at anak.
- Dagdag pa rito ang b. 13 din ay muling nagpa-paalala sa atin ng tungkulin ng Jerusalem sa buhay ng mga Hudyo na isang lugar ng pag-asa.
- Nagbibigay naman ng kasiguraduhan ang b. 14 na matutupad ang pangako ng Diyos [...ang puso niyo’y maliligayahan // ang katawan niyo’y yayabong kagaya ng isang damo (simile)].

PAGNINILAY

Sa mga tekstong ito kinakailangan tayo na maging bukas at maalam sa paggamit ng mga tayutay (*figures of speech*) upang mas maintindihan natin ang mensahe ng Diyos. Ang lenggwaheng pagahalintulad (*simile at parallelism*) ay nagbibigay ng di-mabilang na posibilidad para malaman ang kahulugan.

Sa Pagbasang ito ay makikita natin ang pangako ng Diyos na tipunin muli ang bayan ng Israel na nagkalat sa dating lugar malapit sa Silangan (Ancient Near East).

SALMONG TUGUNAN (SLM 65) SANGKALUPAANG NILALANG GALAK SA POO’Y ISIGAW.

IKALAWANG PAGBASA (Gal 6:14-18)

¹⁴ANG krus lamang ng ating Panginoong Hesu-Kristo ang siya kong ipinagmamapuri. Sapagkat sa pamamagitan ng kanyang krus, ang sanlibuta’y patay na para sa akin at ako’y patay na para sa sanlibutan. ¹⁵Hindi mahalaga kung tuli man o hindi ang isang tao. Ang mahalaga’y ang **pagiging bagong nilalang**. ¹⁶Sa lahat ng namumuhay ayon sa tuntuning ito, at sa mga nananatiling tapat na bayan ng Diyos, nawa’y sumakanila ang kapayapaan at pagpapala ng Diyos!

¹⁷Kaya mula ngayon, huwag nang dagdagan ninuman ang aking tiisin. Sapat na ang mga pilat ko, para makilalang ako’y alipin ni Jesus.

¹⁸Mga kapatid, sumainyo nawang lahat ang pagpapala ng ating Panginoong Hesu-Kristo. Amen.

Tema: **Pagiging Bagong Nilalang**

PAGPAPALIWANAG

- Ano nga ba ang makukuha natin sa pagmamalaki ng krus ni Hesus Kristo at ng bagong nilalang (b. 14)?
- Hindi karapat-dapat ipagmalaki ang batas ng pagpapatuli (Torah) [b.15]. Ito’y hindi na mahalaga ngayon (ang pagiging Hentil o Hudyo). Ang mahalaga para kay Pablo ay ang krus.
- Ano ang ibig sabihin ng krus ni Hesus para kay Pablo? Na para sa kanya’y ang mundo’y patay na at *vice versa*.
- Nagbibigay naman ng gantimpalang kapayapaan at kaawaan, ang b. 16, para sa mga taong sumusunod sa Kautusan ng Diyos.
- Si Pablo ay hindi na naaapektuhan ng mga batas (b. 17). Naniniwala si Pablo na ipinako na niya ang kanyang sarili (stigmatized).
- Kahalintulad naman ng b. 18 ang panalangi’t pagbati ni Pablo sa b. 16.

PAGNINILAY

Ang mga Kristiyano’y dapat matutong maipagmalaki din ang kanilang mga dinaranas na

mga pagsubok (*sufferings*), dahil sa ganitong paraan ay nabibigyan sila ng pagkakataon na makibahagi sa mga paghihirap ni Kristo.

MABUTING BALITA (Lc 10:1-11)

¹NOONG panahong iyon, ang Panginoon ay humirang pa ng pitumpu't dalawa. Pinauna niya sila nang dala-dalawa sa bawat bayan at pook na patutunguhan niya. ²Sinabi niya sa kanila, "Sagana ang aanihin, ngunit kakaunti ang mga manggagawa. Idalangan ninyo sa mayari na magpadala siya ng mga manggagawa sa kanyang bukirin. ³Humayo kayo! Sinusugo ko kayong parang mga kordero sa gitna ng mga asong-gubat. ⁴Huwag kayong magdala ng lukbutan, supot, o panyapak. Huwag na kayong titigil sa daan upang makipagbatian kaninuman. ⁵Pagpasok ninyo sa alinmang bahay, sabihin muna ninyo, 'Maghari nawa ang kapayapaan sa bahay na ito!' ⁶Kung maibigin sa kapayapaan ang nakatira roon, sasakanila ang kapayapaan; ngunit kung hindi, hindi sila magkakamit nito. ⁷Manatili kayo sa bahay na inyong tinutuluyan; kanin ninyo at inumin ang anumang idulot sa inyo—sapagkat ang manggagawa ay may karapatang tumanggap ng kanyang upa. Huwag kayong magpapalipat-lipat ng bahay. ⁸Kapag tinanggap kayo sa alinmang bayan, kanin ninyo ang anumang ihain sa inyo; pagalingin ninyo ang mga maysakit doon, at sabihin sa bayan, 'Nalalapat na ang paghahari ng Diyos sa inyo.'"

Tema: Ang Misyon ng mga Alagad ni Hesus!

PAGPAPALIWANAG

- Matapos magturo ni Hesus ukol sa pagiging isang tunay niyang alagad habang naglalakad sa Jerusalem ay nagtalaga siya ng pitumputdalawang alagad upang mayroon siyang mauunang ipadala na maghahanda para sa kanyang pagdating at sila'y magkakaapares para

may kaagapay ang bawat-isa, sa dami ng lugar na pupuntahan nila. At bakit 72? 12 tribo ng Israel x 6 (b. 1).

- Sa ikalawang talata ay inaanyayahahan tayong manalangin upang dumami ang mga manggagawa (apostol, pari, layko) ni Hesus sa kanyang malawak at masaganang ubasan.
- Sa ikatlong talata ay inatasan ni Hesus ang kanyang mga pinili at pinayuhan na makakaranas sila ng mga pagsubok.
- Sa b. 4 ay hindi gusto ni Hesus na magmukha kang mayaman o maghari-harian sa pagpapatupad ng misyon niya.
- Sinabihan din sila ni Hesus na alinman bahay ang papasukin nila ay ang pagbati ng kapayapaan sa buong miyembro ng bahay hindi lamang sa kung sino ang hangad mo batiin (b. 5).
- Mahalaga ang manatili ka sa bahay na tinutuluyan mo at tanggapin mo ano mang pagkain ang ibibigay sa 'yo.
- Gayundin, tanggapin mo ano mang pagkain ang iaalok sa 'yo at huwag maging mapili sa pagkain. Ikaw ay bisita lamang (bb. 7- 8).
- Mamanahin naman ng mga mananampalatayang Kristiyano ang Kaharian ng Diyos dahil sa kanilang pagtanggap at pagsunod sa Kanya. Ang pagpapagaling ng sakit ay isang tanda ng papalapit na kaharian ng Diyos (b. 9).
- Simbolo ng *protesta*, ang pagpapagpag ng mga alikabok na sumasama sa sandalyas at ang paparating na paghuhukom (bb. 10-11).

PAGNINILAY

Ang Ebanghelyo ngayon ay tumutukoy sa pitumpu't dalawang alagad ni Hesus na kanyang inatasan at ipinapagawa ng pagpapahayag ng kaharian ng Diyos, pagpapagaling ng mga may sakit, at pagpapalayas ng mga demonyo.

Taglay ng mga misyonaryo ang lakas na mula sa Diyos at ito ang nag-uudyok sa kanila upang maisakatuparan ang kanilang misyon. Dagdag pa dito, itinalaga din silang umalis na may kasama (*two by two*) nang sa gayon ay may karamay sila sa haharapin nilang suliranin sa paglalakbay.

II. PAG-UUGNAY

Ang Unang Pagbasa ay tumutukoy sa galak ng pagbabalik nila sa Jerusalem. Samantalang, ang Pangalawang Pagbasa ay patungkol sa tagumpay ni Pablo, na personal na nasaksihan ang Diyos. Siya rin ay buong galak na tinatangap ang kasiyahan ng pagpapapako sa krus, kasama si Hesukristo at ayaw na niyang magpa-istorbo pa.

Sa kabilang banda, ang Mabuting Balita ayon kay San Lucas ay nagsasaad ng kagalakan ng mga pitumpu't-dalawang disipulo dahil sa mga tagumpay na nakamit nila mula sa kanilang misyon.

Pinupuspos ng biyaya mula sa Maykapal ang mga misyonaryong nabiyayaan nito at sila'y nabigyang kapangyarihan ng Diyos upang maisakatuparan ang banal Niyang plano. Kasabay nito, sila'y inaatasang magkaroon ng isang kapares na misyonaryo.

III. SALAMIN NG BUHAY



1. Sa iyong pagpapahayag ng Mabuting Balita sa Parokya, anu-ano ang nagdudulot ng kasiyahan.

Magbigay ng maraming halimbawa.

2. Magbigay ng personal na halimbawa ng iyong mga paghihirap at kasiyahang naranasan simulang ikaw ay nagninilay ng Salita ng Diyos—sa iyong komunidad (bahay, skul, o parokya). Ialay ang lahat nang ito sa Diyos.

Pagpapaliwanag: Fr. Cielo Almazan, OFM
- *Isinalin ni Gleindolf Cadiz*
(Pangwakas na Panalangin)

Mga Bagong Libro ng ST PAULS



PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara nang sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

Kung nais po ninyong makatulong sa ating Biblical Apostolate, maari pong magdonate ng legal size na bond paper sa:

ST PAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City
Tels: 895-37-16; 890-7130

PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasalamatan dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maalaala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin.
Luwalhati... (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)